

**1. Impormasyon tungkol sa pagbibigay suporta para sa mga naapektuhan ng kalamidad.**

Nakikiramay ang lungsod sa lahat ng naging biktima ng bagyong Hagibis ang pang-19 na bagyo ngayong taon. Dahil sa bagyong ito, maraming kabahayan ang nagtamo ng pinsala, nababad sa baha pati ang kanilang mga sasakyan. At sa kasalukuyan marami pa rin ang nagkakaroon ng suliranin dahil sa pinsala na dulot ng sakunang ito sa kanilang kabuhayan.

Ipinapaalam ng lungsod ang kanilang pagbibigay suporta sa mga naging biktima ng bagyo sa pamamagitan ng mga flyers, homepage ng syudad, twitter, facebook at sa pamamagitan ng mga anunsyo dito sa istasyon na ito ng FM Kurara 857.

Ang ilan sa mga tulong na pwedeng ibigay ng lungsod ay ang pangungulekta ng putik at basura na dulot ng baha, ang pagdidisinpekta sa mga kabahayan na nababad din sa baha, pagdispatsa ng mga volunteers na tutulong sa pag-aayos ng mga nasirang kabahayan at paghahanap ng bagong malilipatan na titirahan.

At sa pamamagitan din ng Facebook account ng Tochigi City International

Exchange Association na nasa wikang English at Spanish ay ipinapaalam din dito ang iba't ibang imporyason tungkol sa tulong na maipapaabot ng lungsod sa mga naging biktima ng kalamidad kaya gamitin natin ito.

**2. Tungkol naman sa Trabaho sa Tangapan ng Lungsod pati na rin sa Iskedyul sa Pangongolekta ng Basura dahil Year End at New Year Holidays.**

Ang tanggapan ng lungsod ay holiday mula ika-28 ng Disyembre (Sabado) hanggang ika-5 ng Enero (Linggo) ng susunod na taon. At sa pagkakataon ding ito ay hindi magagamit ang mga Certification Releasing Machines na itinalaga sa mga Convenience Stores.

Ang Report of Birth, Marriage o Death ay pwedeng isumite sa unang palapag ng munisiyo sa may southwest corner ang security personel room.

Ang pangongolekta ng basura ay gagawin ayon sa schedule ng calendar na naibigay. Hanggang sa ika-31 ng Disyembre ang pangongolekta at mula naman sa ika-4 ng Enero ang umpisa ng kolekta ng basura.

Huwag maglagay ng mga basura sa garbage stations magmula Enero 1 hanggang ika-3.

Hinihiling ang pang-unawa at kooperasyon ng lahat.

### 3. Tungkol naman sa Pagbabayad ng National Pension

Ang bayarin sa National Pension Insurance Premiums ay 16,410 yen kada buwan. Ang Japan Pension Service ay magpapadala ng payment slips upang bayaran sa banko, post office o convenience stores.

At kapag lumampas na ang palugit sa pagbabayad nito ang Japan Pension Service ay maaring tumawag, magpadala ulit ng bayarin o dadalaw mismo sa mga hindi pa nakapagbayad at ipapaalam ang dagliang pagbabayad ng National Premiums.

Gayunpaman, sa kabila ng mga ito ay hindi pa rin magbayad, magkakaroon na ng interes na idadagdag sa dati ng bayarin at may pagkakataon pang pwedeng kunin ang mga ari arian dahil sa hindi pagababayad nito.

Kung nahihirapan sa pagbabayad dahil sa maliit na sahod, ay maaring sumangguni sa Health Care Section ng munisipyo o ang mga sangay nito.

#### 4. Pag-iwas laban sa Influenza

Lumalamig na naman ang panahon, pinag-iingat tayo sa paglaganap ng Influenza o trankaso. At dahil dito pinapayuhan ang karamihan na gawin ang mga sumusunod na pangunahing hakbang upang maka-iwas sa epekto sa paglaganap ng Influenza.

Una, pag-uwi ng bahay ay agad maghugas ng kamay.

Kung tuyo ang hangin, madaling kapitan ng Influenza virus kaya dapat panatilihin ng 50% hanggang 60% ang humidity ng silid. At pag lalabas man ng bahay ay iwasan ang mataong lugar. Dapat din magkaroon ng sapat na pahinga at pagkain ng masustansya at balanse upang mapaglabanan ang pagdapo ng virus sa ating katawan. Ugaliin din ang pag-gamit ng face mask at ang pagpapabakuna laban sa Influenza.

Kung sakaling nagkaroon ng 38 degrees na lagnat pataas, pananakit ng ulo at joints at muscle pati na ang buong katawan, pag-ubo at pananakit ng lalamunan, sipon at iba pa ay agad ng pumunta sa doktor upang magpatingin.